



British Columbia's
Office of the Human Rights
Commissioner

Ang pangongolekta ng disaggregated demographic data sa British Columbia: Ang grandmother perspective (Mula sa pananaw ni Lola)



Setyembre 2020

Ang pangongolekta ng disaggregated demographic data sa British Columbia:

Ang grandmother perspective (Mula sa pananaw ni Lola)

Setyembre 2020

© Office of the Human Rights Commissioner ng BC
(Tanggapan ng Komisyonado ng Karapatang Pantao ng BC)
750 – 999 Canada Place
Vancouver, BC V6C 3E1
1-844-922-6472 | info@bchumanrights.ca



British Columbia's
**Office of the Human Rights
Commissioner**



Kasari Govender
Komisyonado ng Karapatang Pantao
ng BC



British Columbia's
**Office of the Human Rights
Commissioner**

Buod

Mga 56 porsiyento ng Black Canadians ang nag-ulat na sila'y na-layoff o nabawasan ng mga oras sa trabaho sa panahon ng COVID-19¹

25 porsiyento lamang ng Indigenous communities sa B.C. ang may basic internet access²

Mahigit sa 40 porsiyento ng homeless na mga kabataan ang LGBTQ2S+³

Ang mga makapangyarihang pahayag ay nagagawang posible sa tulong ng disaggregated data.

Kapag ipinakita ang systemic inequalities sa ating lipunan, ang datos ay maaring mauwi sa mabuting pagbabago. Ang 'di-mahusay na paggamit o pangongolekta ng ganitong datos ay maaring magpalala sa pagkabahid ng mga komunidad, na siyang mauwi sa pinsala sa indibidwal at sa komunidad.

Ang disaggregated data ay datos na nagbibigay ng mga sub-category ng impormasyon, halimbawa, ayon sa etnikong grupo), kasarian, okupasyon, o status ng edukasyon. Paminsan-minsan, ito ay tinatawag na **demographic categories o mga demograpikong kategoriya**. Gawi ng mga tao na ibigay ang ganitong uri ng datos sa mga survey kung saan inuutusan silang i-identify ang kanilang sarili ayon sa mga kategoriyang ito o sa iba pa. Ang impormasyon na ito ay kadalasang anonymized di-nagbibigay ng kanilang identidad — ito'y walang mga personal na impormasyon tulad ng pangalan o kapanganakan — at ginagamit ito sa statistical analysis. Di-tulad ng **aggregated data**, kung saan **pinagsasama-sama ang impormasyon**, ang disaggregated data ay maaaring magbunyag ng inequalities o mga di-pagkapantay-pantay at ng mga ugnayan ng mga kategorya.⁴

Noong ika-16 ng Hunyo 2020, inimitahan ni Premier John Horgan ang Human Rights Commissioner at ang Information and Privacy Commissioner (Komisyonado ng Impormasyon at ng Pagka-pribado) ng BC upang ipaalam sa kanila na may isinasagawang policy initiative para sa pangongolekta ng mga datos ayon sa lahi, Indigenous, at iba pang disaggregated data upang tugunan ang sistemikong rasismo. Tinanggap namin ang imbitasyon at nagsagawa kami ng research project nitong nakaraang dalawang buwan; kasa-ma sa proyekto ang pakikipagkonsulta sa komunidad, ang isang malawak na pagsusuri ng literatura, at analysis ng patakaran.

Ang ulat na ito ay nagbabahagi ng isang framework para sa pangongolekta ng disaggregated data batay sa “the grandmother perspective” o “mula sa pananaw ni lola, mula kay Gwen Phillips ng Ktunaxa Nation. Siya'y isang BC First Nations Data Governance Initiative Champion). Ang approach na ito ay pangunahing naka-sentro sa **kahalagaan ng ugnayan**:

1. African-Canadian Civic Engagement Council and Innovative Research Group, 2020.

2. Union of BC Indian Chiefs, 2020.

3. True Colors United, 2020. ang LGBTQ2S+ ay tumutukoy sa Lesbian, Gay, Bisexual, Transgender, Queer, Two-Spirited, o iba pang gender at sexual minorities.

4. Right to Education, 2017.

“Hindi tayo maaring kumilos sa isang bagay na hindi natin alam. Ito ay isang tawag sa kaalaman. Hindi tayo makakapagbago nang hindi muna natin itinatatag ang pagkakaroon ng magalang na ugnayan. Ito ay isang tawag para magsumikap at makabuluhang makipagtulungan sa komunidad. Ito ang panahon para sa mga panata na pagtuunan ng pansin ang sistemikong rasismo at pang-aapi sa buong British Columbia, at na gumawa ng tunay na pagbabago sa halip na mistulang salita lamang. Ito ay isang tawag na kumilos.”

**—Kasari Govender
BC Human Rights Commissioner
(Komisyonado ng Karapatang Pantao ng BC)**

“Ayaw magpalakad ng mga pamahalaan ng First Nations gamit ay Big Brother mentality na idiniin sa amin na paniwalaan, pagdating sa kung ano ang ginagawa ng datos sa amin — mas gusto namin na manggaling mula sa grandmother perspective, o mula sa pananaw ni lola. **Kailangan namin malaman dahil may pagmamalakasit kami.**”

Ginagamit namin ang isang framework na nagbibigay-kahulugan sa mahalagang pagkakaiba ng tools, ng proseso, at ng layunin sa isa’t-isa.⁵ **Ang disaggregated data ay isang tool lamang (na gagamitin depende sa konteksto at layunin) at dapat kasama nito ang isang proseso na sumusuporta sa layunin ng pagbawas ng sistemikong rasismo at pang-aapi, at ng pagtamo ng equity o pagkapatas.**

Kapag walang mahusay na pagbigay-kahulugan at paglahad ng proseso at layunin, mas maaring makapinsala ang disaggregated data. Binibigyang-diin ng maraming tinig na ang pangongolekta ng datos tungkol sa social determinants ng inequality, nang walang pagbabago sa istruktura, ay maaring magpalaral sa inequity o kawalan ng pagkakapantay-pantay.^{6,7,8} Matapos isaalang-alang ang mga benepisyo at mga peligro ng disaggregated data sa ulat na ito, aming nilalarawan ang mga pundasyon ng proseso at layunin para makamit ang mga benepisyo at para mapagaan ang mga peligro.

Kung wala ang pamamaraang ito, maaring maling bagay ang mabibigyan ng focus. Tulad ng sinabi ni Gwen Phillips, “Hindi natin sinusukat ang lahi; ang sinusukat natin ay ang rasismo. Ang rasismo ay isang pagkabigo ng mga sistema; kailangang gawing malinaw iyon kapag ang pinag-uusapan ay datos batay sa lahi.”

Bilang buod, ang framework ay tulad ng sumusunod:



LAYUNIN

Ang pag-alis ng sistemikong rasismo at pang-aapi, at ang paglinang at pagpanatili ng equity o pagkakapantay-pantay



PROSESO

Magalang na ugnayan na itinatag sa pamamahala sa komunidad



TOOL

Disaggregated demographic data (kung naaangkop para matamo ang layunin)

Ang proseso ng magalang na ugnayan, kung saan ang marginalized communities ay makahulugang lumalahok sa lahat ng mga hakbang ng pangongolekta, storage, paggamit, at pamamahagi ng disaggregated data, ay kritikal, at ang mga prinsipyo’t mga rekomendasyon para sa pamahalaan sa pagtatatag ng magalang na ugnayan (pinakakahulugan bilang relevant, responsable, reciprocal, at reflexive⁹) ang siyang bumubuo sa malaking bahagi ng ulat na ito. Ito ay isang pagbabago mula sa control patungo sa pagkalinga; ito’y kahanay ng grandmother perspective.

Mayroon ding mga kongkretong praktikal na layunin para sa pagsentro ng mga mabuting ugnayan sa komunidad: ang mga response rate sa mga demographic survey ay dumarami kapag ang mga komunidad ng mga tu-

5. Pakikipagpulong-pulong kay Kwame McKenzie, Agosto 10, 2020.

6. Smith, 1999.

7. Boilevin et al., 2019.

8. Black Public Health Collective, 2020.

9. Thira, Sharon. “July 28th, Note on Theory in Progress, Rethinking the Four Rs,” 2020.

mutugon ay kalahok sa pagdisenyo at pagbubuo ng pangongolekta ng disaggregated data. Sa outcome stage, mas mabilis tuloy na tinatanggap ng mga apektadong komunidad ang mga solusyon; kumpara dito, ang mga paternalistic model ay kadalasang mahirap na matanggap dahil sa kanilang programming.

Bukod pa rito, ayon sa iba't-ibang mga kalahok sa aming mga konsultasyon sa komunidad, ang pagbabago sa ugnayan ang nagdudulot ng pagbabago ng sistema. Kailangan nating gawin ang pananaliksik sa naiibang paraan upang makapagdulot tayo ng pagkakaiba.

Mga Rekomendasyon

Ang Anti-Discrimination Data Act o Batas Ukol sa Datos Laban sa Diskriminasyon

Inirirekomenda namin ang pagbubuo ng batas na naka-focus sa pagtatatag ng magalang na ugnayan sa marginalized communities para matiyak na ang mga pangangailangan ng komunidad at ang mga tinig ay makahulugang isinasali sa pangongolekta, sa paggamit, at sa mga proseso ng pagsisiwalat ng datos. Dahil ang mga kasapi ng komunidad ang siyang mga dalubhasa sa kanilang mga sariling buhay, sila ang pinakamahusay na makakilala sa mga prioridad at mga peligro sa potensyal na mga proyekto ng pangongolekta ng datos.

Kapag nangongolekta, o kapag gumagamit at nagsisiwalat ng disaggregated data, mahalagang sapat na isaalang-alang at tugunan ang kapwa pinsala sa *indibidwal*, at pinsala sa *komunidad*. Ang kasalukuyang legislative framework sa B.C. ay naka-istruktura para mabawasan ang indibidwal na pinsala sa pamamagitan ng proteksyon ng indibidwal na pagka-pribado, subali't 'di nito sapat na isinasaalang-alang o pino-protektahan ang mga komunidad mula sa mga pinsalang may kinalaman sa pangongolekta, paggamit, at pagsiwalat ng disaggregated data, at 'di-gaano nito binabanggit ang "public interest" o "kapakanan ng publiko."¹⁰ Tinutugunan ng aming mga rekomendasyon ang kakulangan nito sa pamamagitan ng pananawagang makakuha ng makabuluhang pagsasaalang-alang sa pinsala sa komunidad at ng paglikha ng obligasyon na magsagawa ng research na responsible at na sumusuporta sa pagkakapantay-pantay, habang nakikipagtulungan sa mga komunidad. Nanawagan din kami para sa pagbabago ng mga proteksyon laban sa indibidwal na pinsala, nang matugunan nito ang mga modernong hamon sa personal na pagka-pribado.

Inirirekomenda namin na mag-draft ang pamahalaan ng **Anti-Discrimination Data Act (ADDA)**, na magbabatas sa pangongolekta, paggamit, at pagsiwalat ng demograpikong datos para sa pagbabago ng lipunan. Inirirekomenda rin namin na isagawa ng pamahalaan ang ADDA sa tulong ng Office of the Human Rights Commissioner ng BC at ng Office of the Information and Privacy Commissioner para sa British Columbia.

Ang layunin ng ADDA ay ang suportahan ang BC Human Rights Code (Kodigo ng mga Karapatang Pantao), na itinatag para sa pagbabago ng istruktura, kabilang ang "para kilalanin at alisin ang paulit-ulit na mga nangyayaring inequality na kaugnay ng diskriminasyon na pinagbabawal ng Kodigong ito."¹¹ Buko pa rito, dapat din paglingkuran ng ADDA ang mga layunin ng Poverty Reduction Strategy Act (Batas Ukol sa Istratehiya sa Pagbawas ng Karalitaan)¹² at ng Declaration on the Rights of Indigenous Peoples Act (DRIPA) (Batas Ukol sa Deklarasyon ng mga Karapatan ng mga Katutubo).¹³ Sa ngayon, ang kalagayan ng

10. Tingnan bilang halimbawa FIPPA, mga Seksyon 25 at 35(1)(b).

11. Human Rights Code, s. 3(d).

lipunan (o ng karalitaan) at ang pagiging Indigenous ay hindi pinoprotektahan ng BC Human Rights Code, subali't ang demograpikong datos na may kinalaman sa mga sektor na ito ay mahalaga para makilala at maalis ang “paulit-ulit na mga pangyayari ng inequality na may kinalaman sa diskriminasyon.”¹⁴

Susuportahan din ng ADDA ang pagtanggap ng pamahalaan ng BC sa *Gender-Based Analysis Plus (GBA+)*; ito'y isang analytical tool na ginagamit sa buong pamahalaan upang matasa ang magkakaibang epekto ng mga polisiya, mga programa, at mga inisyatibo sa iba't-ibang grupo ng kababaihan, kalalakihan, at mga taong gender-diverse, habang isinasaalang-alang ang intersectional socio-demographic factors tulad ng lahi, etnisidad, kinikita, edad, at kapansanan.¹⁵

Ang ADDA ay nakabatay sa kasalukuyang Data Innovation Program (DIP) ng BC. Ang approach ng Programa sa pagprotekta ng pagsisiwalat ng demograpikong datos sa mga pampublikong entidad ay nagbibigay ng isang malakas na framework na dapat maipapakita sa batas at sa pagsasagawa. Ang DIP ay isang mabuting modelo para sa analysis ng datos ukol sa mga paksang may kaugnayan sa equity, lalo na ang mga datos tungkol sa impormasyon na maaring maging sensitibo, tulad ng sekswalidad, kasarian, lahi, paggamit ng mga droga, o pagiging homeless. Ito ay dahil ang de-identified data o datos na walang identidad (walang mga personal na impormasyon, tulad ng pangalan at tirahan) ay trinatrato nito bilang kasing kompidensyal tulad ng pagiging kompidensyal ng personal na impormasyon. Sa ating kasalukuyang teknolohiya, mas malaki ang risk ng re-identification sa de-identified data—sa madaling salita, mayroong tunay na posibilidad na ang datos ay muling maikokonekta sa mismong tao. Ang approach ng DIP ay alinsunod sa nangyayari sa batas ukol sa pagka-pribado, na magproprotekta sa de-identified data at sa personal na impormasyon. Bilang framework sa pagka-pribado at sa security, gamit ng programa ang *Five Safes model* o Limang Lagtas na Bagay na kinikilala sa buong mundo—Safe: People, Projects, Data, Settings, Outputs (Ligtas: Mga Tao, mga Proyekto, Datos, Mga Setting, mga Output).

Ang ADDA ay magtatakda ng isang framework para sa pangongolekta, paggamit at pagsiwalat ng disaggregated data, at kailangang nakalakip dito ang mga probisyon para sa:

1. **Mga proteksyon sa pagka-pribado alinsunod sa mga prinsipyo ng Data Innovation Program ng BC**, kabilang ang Five Safes model, ang proteksyon ng de-identified data at personal identifiable data, at ang pagkumpleto ng mga assessment ng epekto sa pagka-pribado, habang lubos na isinasaalang-alang ang mga potensyal na pinsala sa indibidwal at sa komunidad.
2. **Pagbuo ng isang modelo sa pamamahala ng datos kasama ng mga Indigenous na institusyon at ng mga pamahalaan (batay sa mga relasyon ng bawat nation sa ibang nation)** bilang suporta sa pansariling determinasyon at soberanya.
3. **Pagtatag ng isang Community Governance Board o Lupon ng Pamamahala sa Komunidad¹⁶ upang makagawa ito, sa tulong ng pamahalaan, ng mga desisyon;**¹⁷ ang systemically oppressed communities ay dapat maging kasapi ng Board, at ang mga datos ukol sa kanila, tulad ng datos batay sa lahi, at datos ukol sa Indigenous, kasarian, at kapansanan, ay kokolektahin. Sinusuportahan ng approach na ito ang intersectionality ng ating mga identidad at ng mga buhay. Ang Board na ito ay lalahok sa pagbuo ng isang modelo para sa pamamahala ng datos; ilalakip dito ang mga kasunduan sa pagbabahagi ng impormasyon.

12. Poverty Reduction Strategy Act, S.B.C. 2018, c. 40.13.

13. Declaration on the Rights of Indigenous Peoples Act, S.B.C. 2019.

14. Declaration on the Rights of Indigenous Peoples Act, S.B.C. 2019.

15. Pamahalaan ng British Columbia.

16. Batay sa modelong tinukoy sa E-GAP framework: Bailey et al., 2020.

17. Pinag-uutos ang paglahok ng pamahalaan sa karapatan ng IAP2 spectrum: Collaborate.

4. **Isang Community Data Secretariat**, upang magbigay ng suporta sa Lupon na ito, kabilang ang mga karagdagang suporta sa mga indibidwal, kung saan kakailanganin, para sa makabuluhang pakikilahok upang matugunan ang mga problema sa pananalapi, logistics at teknolohiya.
5. **Pagtatag ng mga pamantayan ng datos alinsunod sa inilarawan ng Community Governance Board, at malawakang pakikipag-ugnayan sa mga komunidad** (may karagdagang impormasyon sa ibaba).
6. **Pagpalawak ng utos ng Office of the Information and Privacy Commissioner**, upang maisama ang pagtata-sa ng mga reklamo o alalahanin ukol sa pangongolekta, paggamit, at pagsisiwalat ng datos na sakop ng batas na ito.

Ang pag-anunsyo sa ADDA ay dapat may kasamang **pagsasagawa ng isang komprehensibong programa ng training at edukasyon**. Kabilang dito ang training para sa mga tauhan ng pampublikong sektor na nangangasiwa't nag-aanalisa sa mga survey ng demograpikong datos, at isang malawakang kampanya ng pampublikong upang dagdagan ang kamalayan ukol sa mga benepisyo ng pangongolekta ng disaggregated data at ng mga pinahusay na proteksyon sa pagka-pribado na may kinalaman sa data initiatives na ito.

Mga pamantayan ng datos

Tulad ng binanggit sa itaas, ang iminumungkahing ADDA ay may kasamang utos na magbuo ng mga pamantayan ng datos upang magbigay ng mga patnubay para sa pangongolekta ng datos. Inirerekomenda rin namin ang isang framework para sa mga pamantayan ng datos na ito, na may kasamang proseso ng *equity impact assessment* na dapat sundin ng isang data project upang ito'y maaprubahan. Ang framework na ito ay may tatlong bahagi: ang paglalarawan sa **layunin** ng proyekto, ang pag-setup ng isang magalang na **proseso**, at ang pagtakda ng scope at mga limitasyon ng **tools** (pangongolekta, paggamit, at pagsisiwalat ng datos) sa komunidad. Pagkatapos nito, ang mga pagtugon sa assessment tool, depende sa proyekto, ay dapat isama sa isang Information Sharing Agreement o Kasunduan sa Pagbabahagi ng Impormasyon upang magbigay ng sapat at naaangkop na accountability mechanism para sa proyekto hinggil sa komunidad.

Kailangang kumilos kaagad kapag may mga pagkakataon

Mayroong responsibilidad na kumilos kapag ang nagkukulang na datos ay maaaring mauwi sa kamatayan.¹⁸ Ang patuloy na pagkukulang ng datos ay nakasamâ sa mga komunidad na pinaka-systematically oppressed. Habang binigyang-diin ng mga kalahok ang kahalagahan pagdahan-dahan, at ang pagtatag ng mga magalang na ugnayan, binigyang-diin din nila na ang labis na focus sa research ay maaring humadlang sa mga pagkilos na maaaring makasagip ng buhay kung nalalaman naman ng mga komunidad kung ano ang malinaw at kasalukuyang mga panganib at solusyon.

Habang ang pamahalaan ay nagtatatag ng pambatas na framework upang suportahan ang community data governance para sa mga proyektong naghahangad na magkaroon ng equity, aming inirerekomenda na agarang simulan ng pamahalaan ang pangongolekta ng disaggregated data sa mga sektor na ito: health care; mental health o pangkaisipang kalusugan, pagpapatupad ng batas, corrections, pagbawas ng karalitaan, edukasyon, karahasan dahil sa kasarian, at children and family development.

18. Basahin ang "Caught in the Middle," isang ulat mula sa Representative for Children and Youth (Kinatawan para sa mga Bata at Kabataan) na naglalarawan sa mga pangyayaring nauukol sa pagkamatay ng isang kabataan. Ang pangongolekta ng datos tungkol sa etnisidad ay maaaring nakatulong sana sa sitwasyong ito at isa ito sa mga rekomendasyon: https://rcybc.ca/wp-content/uploads/2019/12/rcy-caught-in-the-middle_nov2019-webversion.pdf

Ano ang mga susunod na hakbang

Marami kaming natutunan mula sa mga eksperto sa komunidad, sa pamamagitan ng proyektong ito. Bagama't maaring maipakita ng disaggregated demographic data ang systemic inequalities, at bagama't maaring mauwi ito sa positibong patakaran, mayroon ding mga kapansin-pansing panganib hinggil sa pinsala sa indibidwal at sa komunidad. Upang makamit ang mga benepisyong ito at maiwasan ang mga panganib, dapat isama ng *Anti-Discrimination Data Act* at ng mga kaugnay na pamantayan ng datos ang "grandmother perspective" na pamamahala sa datos (ibig sabihin, maging mapagkalinga at 'di maging controlling), sa pamamagitan ng pagbigay ng mga praktikal at konkretong pamamaraan ng pangongolekta, paggamit, at pagsisiwalat ng datos.

At sa kahulihan, bilang lubos na pasasalamat sa panahon at kaalaman na ipinagkaloob ng mga komunidad, sana'y makatulong ang ulat na ito sa mga komunidad, sa pamamagitan ng pagbigay ng framework para sa makabagong modelo ng pamamahala, upang matiyak na ang pangongolekta, paggamit, at pagsisiwalat ng disaggregated demographic data ay mapapakinabangan ng mga komunidad.

Pinahahalagahan namin ang pagkakataong ibigay ang mga rekomendasyong ito sa Legislative Assembly. Ikinalugod namin ang pakikipagtulungan upang matiyak na ang mga karapatang pantao ng mga taga-British Columbia ay protektado ngayon at sa hinaharap.

Resources

Basahin ang buong ulat: Disaggregated Data Collection in British Columbia: The grandmother perspective sa: bchumanrights.ca/datacollection

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Office of the Human Rights Commissioner ng BC: bchumanrights.ca

Para sa mga balita tungkol sa mga karapatang pantao, sundan kami sa Twitter (@HumanRights4BC), so Facebook (facebook.com/HumanRights4BC) at sa Instagram (@HumanRights4BC).





British Columbia's
**Office of the Human Rights
Commissioner**

750 – 999 Canada Place
Vancouver, BC V6C 3E1
1-844-922-6472 | info@bchumanrights.ca

 bchumanrights.ca

  [@humanrights4bc](https://www.instagram.com/humanrights4bc)

 [humanrights4bc](https://www.facebook.com/humanrights4bc)